

Ano ang pagsusuri para sa kanser?

Ang mga pagsusuri para sa kanser ay maaaring makakita ng maagang mga palatandaan ng kanser. Maaari ring makakita ang mga pagsusuri ng mga pagbabago sa mga selula o makakita ng mga impeksyon sa iyong katawan na maaaring maging sanhi ng kanser sa hinaharap.

Nag-aalok ang Pamahalaang Australya ng tatlong pambansang mga programa ng pagsusuri para sa kanser upang makita ang maagang mga palatandaan ng kanser sa bituka, suso at matris. Kung maagang matatagpuan ang kanser, mas mataas ang tsansa na makaligtas.

Libre ang mga programang pagsusuri para sa kanser kung ikaw ay may green o blue na Medicare card. Kung wala kang Medicare card, makipag-usap sa iyong GP kung magkano ang magiging halaga ng mga pagsusuri.

Ang mga pagsusuri para sa kanser ay maaaring magligtas sa iyong buhay.

Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagsusuri para sa kanser sa bituka, suso o matris, bisitahin ang

- cancersa.org.au
- breastscreen.sa.gov.au
- wellbeingsa.sa.gov.au/cervicalscreening

Kung kailangan mo ng suporta matapos kang madayagnos na may kanser, tawagan ang **Cancer Council SA** sa **13 11 20**.



Ang mapagkukunang ito ay binuo ng Wellbeing SA, BreastScreen SA at Cancer Council SA.

Unang binuo ang mapagkukunang ito noong 2017 sa panahon ng CALD Women's Cancer Screening Ambassadors Project.



Pagsusuri para sa kanser

Maagang pagtuklas ng kanser



Maagang
pagtuklas
ng kanser



Para sa libre* at kumpidensyal na impormasyon at suporta tungkol sa kanser, Lunes hanggang Biyernes, 9.00 ng umaga – 5.00 ng hapon:

- tawagan ang Cancer Council sa **13 11 20**
- makipag-chat sa online sa cancersa.org.au
- mag-email sa askanurse@cancersa.org.au

May makukuhang libheng* serbisyo ng interpreter sa **131 450**.

*Halaga ng isang lokal na tawag

Nirebyu noong Disyembre 2022

Impormasyon at suporta

131120
cancersa.org.au



Pagsusuri para sa kanser sa bituka

Kadalasang nabubuo ang kanser sa bituka nang walang anumang mga sintomas. Kung maagang matutuklasan ang kanser sa bituka, mas mataas ang tsansa na makaligtas.

Ang pagsusuri para sa kanser sa bituka ay mangangailangan ng pagkumpleto ng Faecal Occult Blood Test (FOBT). Ang FOBT ay humahanap ng dugo sa iyong dumi na hindi nakikita. Kung may matatagpuang dugo, maaaring mangailangan ka ng karagdagang pagsusuri upang alamin ang sanhi ng dugo.

Tuwing dalawang taon, ang National Bowel Cancer Screening Program ay nagpapadala sa koreo ng libreng FOBT kit sa lahat ng mga Australyanong 50-74 na taong gulang.

Inirerekomenda ng Cancer Council SA na ikaw ay:

- Lumahok sa pagsusuri para sa kanser sa bituka tuwing dalawang taon kung ikaw ay 50 taong gulang o mas matanda pa.
- Magpatingin sa iyong GP kung ikaw ay may mga sintomas. Kabilang sa mga sintomas ang pagdurugo mula sa iyong tumbong, nakakakita ng dugo sa toilet o sa toilet paper matapos kang dumumi, o hindi maipaliwanag na pagtitibi o pagtatae.
- Magpatingin sa iyong GP kung ikaw ay may kasaysayan sa pamilya ng kanser sa bituka.

Kung ikaw ay 50-74 na taong gulang, mahalagang iyong kumpletuhin at ibalik ang iyong FOBT kit pagdating nito sa koreo mula sa National Bowel Cancer Screening Program.

Bisitahin ang ncsr.gov.au o tawagan ang National Cancer Screening Register sa **1800 627 701** upang:

- alamin kung kailan ka padadalhan ng iyong libreng FOBT kit ng National Bowel Cancer Screening Program
- um-order ng pamalit na pagsusuri kung naiwala o nasira mo ang iyong FOBT kit, o kung ito ay lampas na sa panahon
- mag-download ng karagdagang mga mapagkukunan sa inyong wika.



Pagsusuri para sa kanser sa suso

Maaaring mabuo ang kanser sa suso nang walang kapansin-pansing mga sintomas. Kung maagang matutuklasan ang kanser sa suso, mas mataas ang tsansa na makaligtas.

Ang pagsusuri ng suso ay pag-X-ray ng mga suso. Sa pagkakaroon ng regular na pagsusuri ng suso, maaaring maagang makakita ng kanser sa suso, kadalasan bago mo pa ito madama, kapag ito ay maliit at madali pang gamutin. Ang pagsusuri ng suso ang pinakamagaling na pagsusuring makukuha sa kasalukuyan upang makita ang kanser sa suso sa mga babaing walang mga sintomas.

Inirerekomenda ng Cancer Council SA at BreastScreen SA na ikaw ay:

- Magpasuri ng suso nang libre tuwing dalawang taon sa BreastScreen SA kung ikaw ay 50 hanggang 74 na taong gulang. Kung ikaw ay 40-49 o 75 taong gulang at mas matanda pa, maaari ka ring magpasuri nang libre para sa kanser sa suso.
- Suriin nang madalas ang iyong suso para sa anumang mga pagbabago, kahit na ikaw ay mas bata kaysa 50 taong gulang o regular na nagpapasuri ng suso.
- Magpatingin sa iyong GP sa lalong madaling panahon kung may mapuna ka na anumang mga pagbabago sa iyong suso. Kabilang sa mga pagbabago ang bukol sa iyong suso o pagbabago sa laki o hugis ng iyong suso.
- Magpatingin sa iyong GP kung ikaw ay may kasaysayan sa pamilya ng kanser sa suso.

Tawagan ang BreastScreen SA sa 13 20 50 upang mag-iskedyul ng iyong libreng pagsusuri sa suso.

Mangyaring sabihin mo sa kanila kung kailangan mo ng interpreter kapag gumagawa ka ng appointment.

Bisitahin ang breastscreen.sa.gov.au:

- para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapasuri sa suso
- para mag-download ng mga mapagkukunan sa inyong wika.



Pagsusuri para sa kanser sa matris

Karamihan sa mga kanser sa matris ay maaaring mahadlangan sa pamamagitan ng regular na pagsusuri sa matris.

Mayroon na ngayong dalawang paraan upang Makapagpasuri para sa Kanser sa Matris.

1. Isang pagsusuri na ikaw ang kokolekta (self-collection), na ginagamitan ng isang may mahabang hawakang cotton bud upang kumulekta ng sarili mong mga selula mula sa vagina (pag-aari ng babae). Magagawa mo ang pagsusuring ito nang pribado sa isang klinika ng GP o sa ilang mga kaso, magagawa mo ang pagsusuri sa bahay kung isasaayos mo muna ito sa iyong GP.
2. Isang sampol na kokolektahin ng isang GP o nars, kung saan ang isang speculum ay ipinapasok at kumukolekta ng mga selula mula sa matris.

Ang dalawang opsyon ay parehong ligtas at epektibo. Makipag-usap sa iyong GP o nars kung aling opsyon ang tama para sa iyo.

Kapag nag-iskedyul ka ng iyong appointment, maaaring naisin mong:

- itanong kung may makukuhang self-collection sa klinika
- itanong ang posibleng mga singil
- humiling ng babaing GP o nars
- humiling ng interpreter kung kailangan mo nito
- humiling ng dobleng appointment.

Inirerekomenda ng Cancer Council SA and Wellbeing SA na:

- Lahat ng mga may matris na mga babae at mga may 25-74 na taong gulang, na nagkaroon ng sekswal na kontak, ay dapat magkaroon ng Pagsusuri para sa Kanser sa Matris tuwing limang taon.
- Ang mga batang 12-13 taong gulang ay nabakunahan ng Human papillomavirus (HPV). Ang bakuna ay ibinibigay nang libre sa mga paaralang sekundarya o sa isang klinika ng GP sa ilalim ng National Immunisation Program (Pambansang Programa ng Imyunisasyon).
- Magpatingin ka sa iyong doktor kung ikaw ay may anumang mga sintomas gaya ng di-karaniwang pagdurugo o sakit kapag nakikipagtalik.

Bisitahin ang wellbeingsa.gov.au/cervicalscreening o i-search ang finding cervical cancer early (maagang pagtuklas ng kanser sa matris) sa cancersa.org.au para sa karagdagang impormasyon.